



Republika ng Pilipinas
San Pablo City, Province of Laguna
Office of the Sangguniang Barangay
BARANGAY VI-A
Tel No. (049)562-4932



BARANGAY RECOMMENDATION LETTER

To the PCAFPD
Scholarship Committee,

Ako po si **RONALD M. CASTILLO**, Punong Barangay ng Barangay VI-A, San Pablo City, Laguna ay buong pusong inirerekomenda si **Mr. JERBERD CHRISTIAN QUILANTANG FLORES** para sa PCAFPD Scholarship dahil sa kanyang natatanging kontribusyon at aktibong pakikilahok sa aming komunidad.

Si Mr. Jerberd Christian Q. Flores ay hindi lamang isang responsableng estudyante kundi isang inspirasyon sa kanyang mga kasamahan, kapitbahay, at kamag-aral. Kasama siya sa mga proyektong gaya ng clean-up drive ng barangay, kung saan hindi lamang siya sumali kundi nagpakita rin ng kasipagan at leadership, nag-udyok ng iba pang kabataan, at tumulong upang maging matagumpay ang proyekto. Bilang dating miyembro ng Red Cross at Boy Scouts noong high school, natutunan niya ang halaga ng malasakit at serbisyo, at ito ay patuloy niyang ibinabahagi sa komunidad.

Sa pakikisalamuha kay Mr. Jerberd Chirstian Q. Flores, nakikita ko ang kanyang determinasyon at dedikasyon hindi lamang sa kanyang pag-aaral kundi sa paglilingkod. Siya ay may natural na kakayahan sa pamumuno, at ang malasakit niya sa kapwa ay makikita sa bawat proyektong kanyang sinasalihan. Naniniwala akong ang scholarship na ito ay magsisilbing daan upang mas lalo niyang mapaunlad ang kanyang kakayahan at maibalik sa komunidad ang kanyang natutunan.

Ako po ay lubos na naniniwalang magiging karapat-dapat si Mr. Jerberd Christian Q. Flores sa PCAFPD Scholarship.

Lubos na gumagalang,

RONALD M. CASTILLO
Punong Barangay